

# Doing the Right Thing Right (Wastong Paggawa ng mga Tamang Bagay)

## Ang Aming Pamantayan ng Pagkilos

### Kultura ng Pagkakaiba-iba at Paggalang

Sinusunod namin ang lahat ng batas at regulasyon at nakatuon kami sa paggawa ng isang kultura sa lugar ng trabaho kung saan pinakikitunguhan ang lahat ng indibidwal nang may paggalang at dignidad, anuman ang protektadong katangian, tulad ng tinutukoy ng lokal, pang-estado, o pederal na batas, kabilang ang ngunit hindi limitado sa lahi, kulay, relihiyosong paniniwala (kasama ang mga relihiyosong kaugalian sa pananamit at pag-aayos), bansang pinagmulan (kabilang ang ilang partikular na paghihigpit sa paggamit ng wika), ninuno, kapansanan (mental at pisikal kasama ang HIV at AIDS), medikal na kondisyon (kabilang ang kanser at mga genetic na katangian), genetic na impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, edad, sekso (kung saan kasama ang pagbubuntis, panganganak, pagpapasuso at mga kaugnay na medikal na kondisyon), kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, seksuwal na oryentasyon, at katayuan sa militar at pagging beterano. [PATAKARAN](#)

### Kalidad ng Pangangalaga at Kaligtasan ng Pasyente

Nakatuon kami na palaging ibigay ang pinakamahusay at *mahabaging* pangangalaga at serbisyo, at sinisikap naming abutin at higitan ang pambansang mga pamantayan para sa kalidad at *kaligtasan* ng pasyente. Responsibilidad at obligasyon ng mga miyembro ng trabaho na iulat ang anumang mga isyu sa Kalidad ng Pangangalaga at Kaligtasan ng Pasyente. [PATAKARAN](#)

### Pangangasiwa ng mga Sanggunian

Nakatuon kaming gumawa ng epektibong pangangasiwa sa mga sanggunian bilang pagsuporta sa pangangalaga ng pasyente at mga layunin ng organisasyon at gagamitin lamang ang mga sanggunian para sa lehitimong layunin sa negosyo. [PATAKARAN](#)

### Pangako tungkol sa Salungatan ng Interes (Conflict of Interest o COI)

liwasan namin ang aktuwal o pinaghihinalaang COI at sumasang-ayon kami na ihayag ang anumang panlabas na interes o aktibidad, kontrata, at relasyon na maaaring maging salungat sa organisasyon. Pinananatili namin ang walang kinikilingang relasyon sa mga vendor, isponsor ng pananaliksik, at kontrata sa pamamagitan ng hindi paghiling o pagtanggap ng mga regalo, pera, o katumbas ng pera. [PATAKARAN](#)

### Mga Etikal at Legal na Pamantayan

Kumikilos kami sa propesyonal at etikal na paraan bilang pagsuporta sa *hustisya* at isasagawa namin ang aming mga tungkulin sa trabaho alinsunod sa lahat ng pederal, pang-estado, at lokal na batas. [PATAKARAN](#)



### Mga paraan para mag-ulat ng alalahanin sa pagsunod, privacy, o iba pa


- Talakayin ang bagay o alalahanin sa iyong immediate supervisor
- Talakayin ang bagay o alalahanin sa nangunguna sa inyong departamento
- Talakayin sa iyong Yamang Tao (Human Resources, HR) Partner, HR Service Center, o magpadala ng ulat sa HR Portal
- Makipag-ugnayan sa iyong lokal o rehiyonal na kinatawan sa pagsunod o privacy
- Tumawag sa 24/7 Integrity Hotline sa 888-294-8455 o gamitin ang Integrity Online, ang aming Web-based na opsyon sa pag-uulat
- Para sa mga Caregiver sa India:
  - Mula sa linya sa labas, i-dial ang direktang numero sa pag-access: 000-117
  - Sa hudyat para sa wikang English i-dial ang 888-294-8455

**Maaari mong iulat ang mga alalahanin nang hindi nakikilala**



### Pag-uulat ng alalahanin tungkol sa kalidad o kaligtasan ng pasyente

- Talakayin ang bagay o alalahanin sa iyong immediate supervisor
- Talakayin ang bagay o alalahanin sa nangunguna sa inyong departamento
- Talakayin sa nangunguna sa Kalidad o kinatawan
- Tumawag sa 24/7 Integrity Hotline sa 888-294-8455 o gamitin ang Integrity Online, ang aming Web-based na opsyon sa pag-uulat
- [Mataas na Maaasahan na Platform \(HRP- High Reliability Platform\)](#)
  - Dapat na isang network ng organisasyon para mag-ulat



### Pag-iingat sa Impormasyon ng Pasyente at Pagprotekta sa Privacy at Pagiging Kumpidensiyal

Ginagawa namin ang lahat ng pag-iingat para mapangalagaan ang impormasyon ng pasyente, at itatago namin ang protektadong impormasyon sa kalusugan (protected health information, PHI) nang may espesyal na pag-iingat at susundin ang lahat ng mga batas ng pederal, estado, at lokal. [PATAKARAN](#)

### Etikal na Pagkilos sa Pananaliksik

Sinusunod namin ang pinakamatataas na etikal na pamantayan at sumusunod kami sa lahat ng batas, regulasyon, panuntunan, at etikal na direktiba (kung naaangkop) na namamahala sa pananaliksik sa tao, hayop, at pananaliksik sa basic applied science. [PATAKARAN](#)

### Pagbibigay ng Lisensya at Sertipikasyon

Hinihiling namin sa lahat ng propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan at edukasyon na sumunod sa lahat ng pederal, pang-estado, at lokal na batas na naaangkop sa pagbibigay ng lisensya, pagbibigay ng kredensyal, at mga kinakailangan sa sertipikasyon. Hindi maaaring magtrabaho sa aming organisasyon ang mga indibidwal na hindi kasama sa mga listahan ng tagapagbibigay. [PATAKARAN](#)

### Pagsunod sa Naaangkop na Batas Pederal at Estado at Regulasyon, at Patakaran

Tinitiyak namin ang *kahusayan* sa pamamagitan ng paghiling sa lahat ng partidong nagtatrabaho para sa amin o para sa employer sa loob ng pamilya ng aming mga organisasyon na pag-aralan at sundin ang lahat ng batas, regulasyon, at patakaran. [PATAKARAN](#)

### Patas na mga Gawain sa Negosyo

Kumikilos kami nang etikal, tapat, at may *integridad* sa lahat ng oras. [PATAKARAN](#)

### Tungkulin na lulat ang mga Paglabag at Proteksyon mula sa Pagganti

Responsibilidad ng bawat miyembro sa trabaho na iulat, nang may mabuting hangarin, ang anumang paglabag o pinaghihinalaang paglabag sa aming pamantayan, panloloko, pag-aaksaya, pang-aabuso o kalidad ng mga alalahanin sa kaligtasan ng pasyente ayon sa iniuutos. Ang patakaran sa Hindi Paghihingi ng Providence, at sa isang aspeto, ang batas ng gobyerno, ay nagpoprotekta sa mga miyembro ng trabaho mula sa paghihiganti o panliligalig dahil sa pag-aalala tungkol sa aktwal o potensyal na maling gawain o maling pag-uugali ". [PATAKARAN](#)

Ang aming misyon, mithiin, asal, at pangako ay nagbibigay ng gabay at inspirasyon habang ihinahatid namin ang de-kalidad na pangangalaga, gumagawa ng mahuhusay at etikal na pagdedesisyon, at tinutugunan ang mga layunin ng aming organisasyon. Bilang mga miyembro ng trabaho, may pananagutan tayo sa integridad ng ating mga desisyon at kilos sa trabaho. Obligado tayong mag-ulat ng anumang pinaghihinalaang mga paglabag o alalahanin. Ang Pamantayan ng Pagkilos ay nagbibigay ng pundasyon ng mga aasahan mula sa amin habang ginagawa namin ang aming trabaho bawat araw.